Republic of the Philippines

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

STRENGTHENED SENIOR HIGH SCHOOL CURRICULUM

PAG-AARAL NG KASAYSAYAN AT LIPUNANG PILIPINO

Grade 11

This curriculum guide contains inputs from the Technical Panel for General Education of the Commission on Higher Education (CHED)

Deskripsiyon ng Kurso:
Nakatuon ang kursong ito sa pagsusuri ng mga isyu at usaping panlipunan at pangkasaysayan gamit ang dulog tematiko, multikultural, at interdisiplinaryo. Layunin nitong higit na mapalalim at mapagyaman ang kamalayang pangkasaysayan, Pilipino, at panlikás-kayang pag-unlad upang mapaigting at maitaguyod ang kahusayang sibiko na mahalaga sa pagiging isang mapanagutang mamamayan ng Pilipinas at ng daigdig**.**

Core Subject
Kinakailangang Asignatura: Wala
Itinalagang Oras: 160 na oras sa isang taon, 4 na oras kada linggo
Iskedyul: Buong taon

UNANG MARKAHAN: KAMALAYANG PANGKASAYSAYAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkahubog ng kamalayang pangkasaysayan tungo sa pambansang pagkakakilanlan
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakapagsasagawa ng proyektong nagpapamalas ng kamalayang pangkasaysayan na angkop sa kontekstong lokal

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	NILALAMAN
1. Natatalakay ang kahulugan at katuturan ng kamalayang pangkasaysayan	I. Mga Palatandaan at Katangian ng Kamalayang Pangkasaysayan
2. Nasusuri ang ugnayan ng heograpiya at kultura sa kamalayang pangkasaysayan gamit ang piling mga pamayanan at karanasan 3. Naiuugnay ang mga kultura at kamalayang pangkasaysayan sa sariling konteksto at karanasan	II. Ugnayan ng Heograpiya at Kultura A. Pag-aangkop sa Kabuhayang Pangkomunidad ng mga Pilipino 1. Natatanging Kabuhayan at Kultura sa Ilaya at Ilawod

	1.1. Ilaya 1.1.1 Igorot (*Highlands*-Luzon) 1.1.2. Binukot (*Lowlands*-Visayas) 2. Ilawod 2.1. Moro (*Guerras Peraticas*/*The Sulu Zone*) 2.2. Badjao 3. Pagtatagpo ng Kalinangang Ilaya at Ilawod 4. Konteksto ng Sariling Komunidad (Interseksiyon ng Sarili at Lipunan)
4. Nasusuri ang umiiral na paniniwala at pananampalataya ng kalinangang Pilipino 5. Naiuugnay ang personal at panlipunang paniniwala at pananampalataya sa kamalayang pangkasaysayan	III. Kalinangang Pilipino A. Paniniwala at Pananampalataya 1. Dimensiyon ng Buhay (Paniniwala sa Hiyas, Anting-anting at Ginhawa/*Life Force*) 2. Dimensiyon ng Kabiláng-Buhay (Paniniwala sa Kamatayan at Kabiláng-Buhay) 3. Katutubo at Tradisyonal na Pamamaraan ng Pagpapagaling at Kagalingan (Mga Katutubong Halamang-Gamot at Pamamaraan: Baylan, Tutho, Hilot, Tawas, Pausok, Kamangyan, atbp.) 4. Pagtatagpo ng Personal at Panlipunang Paniniwala at Pananampalataya (Interseksiyon ng Pananampalataya at Paniniwalang Panlipunan at Pansarili)

IKALAWANG MARKAHAN: KAMALAYANG PILIPINO

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ang masusing pag-unawa sa iba't ibang anyo ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakapagpapahayag ng paninindigan (hal. posisyong papel, presentasyon, pahayag, adbokasiya, atbp.) na nagsusuri sa karanasan ng mga Pilipino sa pakikibaka laban sa iba't ibang anyo ng opresyon

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Naipaliliwanag ang kahulugan at katuturan ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino 2. Nasusuri ang mga kolektibong karanasan ng pakikibaka laban sa mga dayuhan gamit ang piling kaso (*cases*) sa kasaysayan 3. Natataya ang bunga ng mga kilusang panlipunan tulad ng kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan sa pagsusulong ng kamalayang Pilipino	I. Mga Anyo ng Pakikibaka at Pakikiangkop sa Pag-usbong ng Kamalayang Pilipino A. Mga Anyo ng Pakikibaka: Katuturan at Kahulugan B. Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikibaka Laban sa mga Dayuhan na Nagbunsod ng Kamalayang Pilipino 1. Isyung Panlipunan, Ekonomiko at Politikal sa Panahon ng Kolonyalismong Espanyol 2. Kalagayan ng Kababaihan sa Kolonyalismong Amerikano 3. Mga Hamon ng Okupasyong Hapones C. Mga Naging Tugon ng Pilipino sa Kasaysayan 1. Pakikibaka sa Panahon ng Espanyol 1.1.Kilusang Agraryo noong Ika-18 at Ika-19 na Siglo

	1.2. Kilusang Propaganda 1.3. Ang Himagsikan ni Bonifacio at ang Rebolusyon ni Aguinaldo 2. Kilusang Feminista sa Panahon ng Amerikano 2.1. Aktibismong *Panuelo* 2.2. Sufragista 3. Kilusang Gerilya 3.1. Hunters-ROTC Guerrillas 3.2. Huk Amazons 3.3. Igorot sa Labanang Pockets
4. Nasusuri ang kolektibong karanasan ng pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang piling kaso (*cases*) 5. Natataya ang bunga ng pakikiangkop ng mga Pilipino sa pagsulong ng kamalayang Pilipino	C. Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikiangkop sa Panahon ng Pagsasarili 1. *Local Elitism* 1.1. Kahulugan at Katuturan 1.2. Dinamiko ng Pamilya, Estado at Kapangyarihan 1.3. Dinastiyang Politikal at *Local Elitism* 2. Diktadura 2.1. Ang Diktadura sa Konteksto at Kamalayang Pilipino 2.2. Ang Karapatang Pantao sa Panahon ng Diktadura
6. Naiuugnay ang personal sa pangkalahatang karanasan ng pakikibaka at pakikiangkop	D. Pagsasakonteksto ng Kasalukuyang Anyo ng Pakikibaka at Pakikiangkop

IKATLONG MARKAHAN: KAMALAYANG PANLIKAS-KAYANG PAG-UNLAD

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ang kritikal na pagsusuri at pagpapahalaga sa kamalayang panlikás-kayang pag-unlad na tumutugon sa pangangailangang panlipunan
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakabubuo ng angkop na panukalang proyektong pangkomunidad na tutugon sa pangangailangan ng kinabibilangang lipunan/pamayanan

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Natatalakay ang mga konseptong kaugnay ng likás-kayang pag-unlad	I. Pagtanggap at Pagpili sa Kamalayan para sa Likás-Kayang Pag-unlad A. Konsepto at Katuturan ng Likás-Kayang Pag-unlad B. Ugnayan ng Likás-Kayang Pag-unlad at Katarungang Panlipunan
2. Nasusuri ang mga opisyal na dokumentong nagsusulong ng likás-kayang pag-unlad	II. Mga Pagsusulong ng Likás-Kayang Pag-unlad A. United Nations Sustainable Development Goals B. Philippine Development Plan III. Pagsasalokal ng Plano para sa Likás-Kayang Pag-unlad A. Barangay Development Plan B. School Improvement Plan

3. Nasusuri ang mga piling programang panlipunang nagsusulong ng likás-kayang pag-unlad	IV. Mga Piling Programang Panlipunang Nagsusulong ng Likás-Kayang Pag-unlad A. Universal Healthcare System B. Universal Access to Quality Tertiary sEducation Act C. Mga Programang Pabahay D. Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)
4. Napahahalagahan ang likás-kayang pag-unlad bilang pundasyon ng pagsasakatuparan ng katarungang panlipunan	V. Ugnayan ng Likás-Kayang Pag-unlad at Katarungang Panlipunan bilang Tugon sa Hindi Pagkakapantay-pantay

IKAAPAT NA MARKAHAN: KAMALAYAN SA PAGKAMAMAMAYANG PILIPINO AT GLOBAL

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ang malalim na pagsusuri at pagpapahalaga sa kamalayan sa pagkamamayang Pilipino at global tungo sa pagiging mapanagutan at aktibong mamamayan ng bansa at daigdig
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakapagsasagawa ng adbokasiya na nagpapakita ng pagsuporta sa mga kasalukuyang plano ng pag-unlad tungo sa pagtatamo ng kolektibong pangarap ng sambayanang Pilipino

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Natatalakay ang mga kaisipang kaugnay sa pagkamamamayan 2. Nasusuri ang pangkalahatang karapatan at tungkulin ng mamamayan sa pagtatamo ng pambansang kaunlaran	I. Konsepto, Katuturan, at Kahalagahan ng Pagkamamamayan

	II. Mga Pangkalahatang Karapatan at Tungkulin ng Mamamayan sa Pagtatamo ng Pambansang Kaunlaran A. Matalinong Pagboto B. Pagsasabuhay ng Halagahing Demokratiko C. Pakikilahok sa mga Isyu at Usaping Panlipunan at Pampamayanan D. Paglunsad o Pagsisimula ng Inisyatiba at Proyektong Panlipunan
3. Nakapagsasagawa ng mga hakbang ng pakikiisa tungo sa pambansang kaunlaran	III. Ambag at Tunguhin ng Kabataang Mamamayan sa Pagtatamo ng Likás-Kayang Pag-unlad
4. Napahahalagahan ang bahagi ng bawat mamamayan sa pagtatamo ng pambansang kaunlaran	